# *Modyul 22*
# *Pagsusuri ng Akda sa Teoryang Realismo at Romantesismo*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Ang modyul na iyong babasahin sa araw na ito ay muling maghahatid at magbibigay sa iyo ng mga kaalaman na tiyak na magpapabago sa iyong pananaw sa buhay at sa lipunang iyong ginagalawan.

Kung iyong susuriin, iba-iba ang antas ng pamumuhay ng mga tao sa mundo. May mahirap, may mayaman at may nabibilang din sa katamtamang antas ng pamumuhay. Saan ka ba nabibilang sa tatlong nabanggit? Alin man sa mga ito ang kinabibilangan mong antas ng pamumuhay sa ating lipunan, alam kong damang-dama mo ang hirap ng buhay sa kasalukuyan. At alam mo bang sa gitna ng kahirapang dinaranas ng maliliit na mamamayan ay nariyan ang ilan nating mapagsamantalang kababayan? Totoo ang lahat ng ito at alam kong ikaw mismo sa sarili mo ay makapagpapatunay ng katotohanan nito batay na rin sa iyong mga nabasa, narinig, napanood, nasaksihan at marahil sa iyong personal na karanasan.

Ang dalawang akdang iyong babasahin sa araw na ito ay lubos mong maiibigan. May kaugnayan ito sa mga mamamayang napasailalim sa kalupitan ng ilang mapagsamantalang tao.



## *Ano ang matututunan mo?*

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba't ibang genre ng panitikan

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito sapagkat gagabayan ka nito tungo sa iyong pagkatuto. Nakalahad dito ang mga tuntunin upang maging maayos at makabuluhan ang iyong paggamit.

1. Sagutin mo nang maayos ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging "Ano Ba Ang Alam Mo? ", gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong mga sagot. Huwag kang mag-alala kung magkaroon ka man ng maraming mali sapagkat matutulungan ka naman ng mga gawaing inihanda ko para sa iyo.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang paksang-aralin at isagawa mo ang kaugnay na mga gawain. May mga panuto kang mababasa kung paano ito maisasagawa.

4. Suriin mo kung naragdagan ba ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging "Gaano Ka Na Kahusay?". Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging tapat ka sana sa pagwawasto.

5. Kaibigan mo ang modyul na ito kung kaya't gamitin mo nang wasto. Sagutan mo itong mabuti at sikaping huwag masulatan. Gumamit ka ng hiwalay na notbuk o papel sa pagsagot.

## *Ano ba ang alam mo?*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap sa bawat bilang. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.

1. May nalasahang pait si Leni sa kanyang bibig nang malamang patay na ang pasyente. Nangangahulugan lamang na si Leni ay:
    a. nawalan ng pag-asa
    b. nakaramdam ng lungkot
    c. may mapait na panlasa

d. nalasahan ang mapait na inulam

2. Gumapang ang buong lamig sa kanyang katawan. Ang nangyari sa kanya ay:
   a. nagulat c. natulala
   b. gininaw d. kinilabutan
3. Inabuluyan si Dado ng salaping kulay-kahel. Samakatwid, nakatanggap siya ng abuloy na nagkakahalagang:
   a. 10 c. 50
   b. 20 d. 100

4. Ang lahat ng pangyayari ay naglalahad ng katotohanan maliban sa:
   a. nagpapautang ng walang tubo
   b. mahirap ang lumapit sa mga mayayaman
   c. mahihirap na tao na hindi nangungutang
   d. mga taong nangungutang kahit malaki ang tubo

5. Masasabing nagkakaroon ng bisa ang akda sa iyong sarili kung nagkaroon ka ng:
   a. kaliwanagan c. masamang saloobin
   b. kakaibang pananaw d. magaan na damdamin

6. Ang katotohanang nagaganap kapag ang tao'y naghihirap ay
   a. nagpapakamatay c. nagdarasal sa Panginoon
   b. kumakapit sa patalim d. naghihintay ng swerte

7. Nagbibigay-halaga sa katotohanan ang teoryang pampanitikang:
   a. realismo c. humanismo
   b. imahismo d. naturalismo

8. Ang teoryang pampanitikang romantisismo ay nagbibigay-halaga sa:
   a. realidad c. kaanyuan ng akda
   b. damdamin d. kabuluhan ng akda

9. Maraming mamamayan ang naghihirap at ang dapat gawin ng nakaririwasa ay:
   a. umunawa c. magpautang
   b. tumulong d. maglingkod

10. Anumang oras ay dumarating ang pagsubok sa ating buhay at ang dapat gawin ay maging:
    a. matatag c. mahinahon
    b. matapang d. mababa ang kalooban

Maaari mo nang iwasto ang iyong mga sagot. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Maganda ba ang naging resulta ng iyong iskor? Huwag kang mabahala sa kinalabasan nito. Sinusukat lamang nito ang dati mo nang kaalaman kaugnay sa dalawang aralin na ating tatalakayin sa araw na ito.

Makatutulong na maipaunawa sa iyo ng modyul na ito ang iba't ibang kasanayan na dapat mong matutunan sa tulong ng mga gawaing inihanda ko para sa iyo.

# ARALIN 1: Canal de la Reina (Kabanata 7-8)

### *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito ay inaasahan iyong matatamo ang sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang kahulugan ang mga pahayag na nagtataglay ng pahiwatig
2. Naiisa-isa ang mga pangyayaring naglalahad ng katotohanan
3. Nagsusuri ang akda batay sa teoryang realismo
4. Napatutunayang lubhang mahalaga ang pagbibigay ng tulong nang walang anumang kapalit sa mga taong nangangailangan
5. Nakasusulat ng isang talatang kinapapalooban ng mga sitwasyong nagpapakita ng realidad sa buhay

## ✍ Mga Gawain sa Pagkatuto

1. **Alamin mo…**
   Panuto: Suriin ang larawan at pagkatapos ay piliin ang letra ng mga pahayag na tumutugon sa nais ipahiwatig nito.



A. Kapalit ng kaligayahan ang kalungkutan
B. Parang tanghalan ang buhay

C. May mga nalulungkot kapag masaya ang isang tao
D. May dalawang mukha ang buhay ng tao
E. Maraming mapagbalatkayo sa mundo
F. Kakambal na ng kaligayahan ang kalungkutan
G. Di maaaring palaging masaya ang tao

Nasuri mo ba ang larawan at ang nais nitong ipahiwatig? Kung gayon, kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at itsek mo ang iyong mga kasagutan at pagkatapos ay ihanda mo na ang iyong sarili sa kasunod na gawain.

**2. Basahin mo…**

Ang unang akdang iyong babasahin at susuriin ay bahagi lamang ng isang nobela. Tiyak na maiibigan mo ito sapagkat ang tagpuan o pinangyarihan ay palasak na sa iyong pandinig, isang lugar na matatagpuan sa Tundo, Maynila.

Umupo ka nang maayos at basahin nang may pag-unawa ang mga pangyayaring nakapaloob sa babasahing akda.

Maaari mo nang simulan…

# CANAL DE LA REINA
**(Kabanata 7-8)**
**Ni Liwayway A. Arceo**

KABANATA 7 Daigdig ng Pagdarahop

Canal de la Reina!

Naramdaman ni Leni ang gumapang na lamig sa kanyang buong katawan, kasunod ang wari ay namamanhid na kilabot. Hindi pa ganap na nasasasanay si Leni na makasaksi sa mga huling sandali ng isang yumayao, sa mga sandali ng pakikipagtunggali sa kamatayan. Sinisimulan pa lamang niyang pagtibayin ang kanyang loob sa iba-ibang larawan ng buhay. Marahil, kung hindi sadyang likas na hilig ang maging manggagamot ay hindi na siya nakatapos.

"Mabuti pang maging general practitioner ka," nagunita niyang mungkahi ni Caridad nang pinag-uusapan ang larangang papasukin niya. "Nawawala na ang G.P. na noong araw siyang respetado…"

Nauunawaan niya ang nasa isipan ng kanyang ina. Siya man ay nakababatid na isang dahilan upang maging napakamahal ng pagpapagamot ay ang unti-unting pagkakaroon ng espesyalisasyon sa bawat uri ng karamdaman. Hindi niya nalilimutan ang sinabi ng isa niyang propesor. "Darating ang araw," pahayag niyon, lakip din ang hindi ganap na pagsang-ayon, " 'yong espesyalistang titingin sa kanang butas ng ilong ay hindi na titingin at gagamot sa kaliwa. Gayundin sa mata: iba ang espesyalista sa kanang mata, iba sa kaliwang mata!"

May isa pang mungkahi si Caridad. “O baka gusto mo naman, O.B.-Gyn?”

Napangiti si Leni. “Wala ngang lugi sa panganganak at sa pagpapagamot sa sakit ng babae.” Sagot niya. “Pero interesting din ang Pediatrics, Ma!” Naramdaman ni Leni ang pag-iral ng kaniyang likas na pagkagiliw sa mga sanggol at bata.

“Doktora,” gambala sa kaniya ng lumapit na attendant.

Nang tumingin siya ay nakatakip na ng puting kumot ang kaniyang pasyente, nguni’t hindi nalingid sa kaniya ang patuloy na pagdaloy ng pula mula sa kinahihigaan niyon.

“Sa morge, ha?” mahina niyang tagubilin.

Ngunit sa kanyang isipan at nakapanakit ang nakita niyang direksyon, at aywan niya kung bakit nakadama siya ng matinding paghahangad na mabatid ang iba pang bagay tungkol sa yumao, bukod sa nakita niya sa tala. Gulang: 20. Napabuntung-hininga si Leni. Napakabata para mamatay! Gawain: Labandera. Napailing siya. Wala na nga kayang iba pa?”

Hinahatak si Leni ng payak na pangalang Canal de la Reina upang magsuri pa, na hindi niya ginawa sa ibang pasyenteng nagamot na niya. Hiniling niyang makausap ang social worker na nagdala kay Paz Cruz sa pagamutan.

“Talagang indigent,” paliwanag ng social worker na nakipag-ugnayan sa mga nagsasanay na bagong-tapos na manggagamot sa pagamutang kinatatalagahan niya. “Talagang walang-wala,” patuloy pa. “Sayang at pati ang bata ay namatay…”

May nalasahang pait si Leni sa kaniyang bibig. “Naipit ang bata, e… dapat ay na-caesarian. Naiwan pa ang inunan…” paliwanag ni Leni, “at hindi alam ng hilot…”

“Kung nadala agad dito, Doktora… hindi kaya nagkaganyan?” usisa ng social worker.

“Palagay ko dahil mailalabas nang buhay ang bata at makukuhang duguin ang ina…” iiling-iling si Leni sa malaking panghihinayang.

“Pinilit ko nga lang ang asawa, Doktora. Wala sila kahit pamasahe, e. Saka parang hindi sila naniniwala sa ospital!”

“Hanggang sa panahong ito?” Hindi makapaniwala si Leni.

Hindi nakaimik si Leni. Hindi niya maipagtapat na nakita na niya. Mula sa kinapaparadahan noon ng kanyang kotse ay tinanaw niya si Caridad at si Junior sa pagtawid sa tulay na kahoy upang huwag lumubog sa putik gayong mainit ang araw. Iyon ang nakita niya, papasok pa lamang sa pook na iyon. At inisip niya kung ano pa ang maaaring kaanyuan ng pinakapusod niyon.

“Talaga bang… slums?” mahina niyang tanong makalipas ang ilang sandaling panunuyo ng kaniyang lalamunan.

“Higit pa!” mabilis na tugon ng kaniyang kausap. “Dito ko nakikita ang mga taong nabubuhay na tulad sa mga… hayop… tabing-tabi sa kaluluwa.”

At sa kaniyang diwa ay naguhit ang larawang binubuo ng mga pagsasalaysay ng social worker. Walang dakong may lupang tuyo na maaaring maayos na malakaran. Walang madaraanan kundi ang andamyong kahoy. Ang tawirang bato. Walang makikita sa paligid kundi putik. Burak. Mamasa-masang lupang natatambakan ng basura. Ang karaniwang barung-barong, tulad ng tinitirhan ni Paz Cruz ay walang iniwan sa isang malaking kahon, na ang pintuan ay silat-silat na kahoy na halos nakadikit sa pusali. Sa kapirasong paligid niyon ay nagaganap ang lahat ng dula ng buhay, pati ang pasaglit-saglit na paglasap ng luwalhati ng pag-ibig.

“Malungkot ang kaniyang buhay,” tila nagbabasa ng isang malungkot na kuwento si Leni sa pagpapatuloy ng pagsasalaysay ng social worker. “Hiwalay ang kaniyang ama at ina. Hindi malaman kung nasaan ang ama. Ang ina, para mabuhay siguro, ay sumama sa ibang lalaki. Hikahos na hikahos. Paris din nina Paz. May trabaho kahit pa’no. Sa paghanap naman siguro ni Paz sa kaniyang sariling kaligayahan, sumama nang nagtanan sa naging asawang si Dado…”

“Ano’ng opisyo?”

“Kargador sa palengke. E, ang dami namang kapatid na sa kaniya umaasa. Naglalabada si Paz… ang hina naman ng katawan…”

Ang lalim ng buntunghininga ni Leni, na waring nararamdaman niya ang nadama ni Paz. “Kawawa naman…’kala niya, solusyon sa kaniyang problema ang pag-aasawa! Sayang… Tila nakikita ni Leni ang pamumutlang maabu-abo ni Paz. Ang paghahabol sa hininga.

“Pa’no ngayon?”

“Pinagsabihan na ang asawa…”

Sa mga inilarawan kay Leni ng social worker, at sa mga ibinalita ni Caridad tungkol sa Canal de la Reina, lalong tumitingkad sa kaniyang isipan na nag-iisang malaking bahay ang tinitirhan ni Nyora Tentay sa kanilang lupa, at ang nasa paligid niyon ay iba-ibang maliliit na bahay, na ang karamihan ay mga barung-barong, mga bahay na lata ang bubungan, hindi yero.

“Ang hirap sa lugar na ‘yan, parang hawak sila ng iisang tao,” patuloy ng social worker.

“Pulitiko?” Napakalakas ang tinig ni Leni.

Umiling ang kaniyang kausap “Isang ususera, na pati ang mga barung-barong na paris ng tinitirhan nina Paz ay siya ang umaagara.”

“Ano ‘yon?”

“Pag may uutang sa kaniya nang walang maibigay na prenda o kolateral, ‘yong barung-barong ang kukunin pag hindi nakabayad. Pauupahan naman sa iba. At maniniwala ba kayo… agawan pa? Ganyan kalubha ang pangangailangan ng tao sa puwang…”

“At ng kaalaman kung paano mapipigilan ang pagdami ng anak nang hindi iiwasan ang buhay-may-asawa!” mabilis na sambot ni Leni. At sa kaniyang isipan ay nabuhay ang pulu-pulutong na mga batang gusgusin at payat, tulad ng inilarawan ni Caridad.

“Ewan ko nga ba,?” sabi ng social worker, “parang walang pagpilian ang mga naroon. Iisa ang may hawak ng pera, at kung merong iba pa, hindi makaaagapay sa ususera. Tinatangkilik naman ng tao dahil walang matakbuhan...”

Lalong nagkakahugis sa diwa ni Leni ang anyo ni Nyora Tentay. “ Pero masuwerte na nga rin si Paz,” halos ay pabulong ang kaniyang pagsasalita.” ‘Yong kaniyang anak, nalibre na sa paghihirap…” Ngunit’t sa kaniyang dibdib ay may nadarama siyang pintig na unti-unting sumisibol, na hindi niya nadarama. Puno ng kapaitan. Hindi ba maaaring pananagutin sa lipunan ang mga taong tulad ni Nyora Tentay?

Nakapanungaw si Nyora Tentay sa bintana sa ikalawang palapag ng kaniyang bahay. Nakatunghay siya sa hindi kalayuang dikit-dikit na mga barung-barong. Nagkakaingay ang mga lalaki na naghahakot ng malalaking tipak ng bato na inihanay sa putikang daanan patungo sa isang barung-barong. May nagtatayo ng mga kawayan na pagkakabitan ng makapal na trapal na sa kaniya rin inarkila. Ang mga babae ay naglilinis sa kalapit na barung-barong.

Ngingiti-ngiti si Nyora Tentay. Hindi pa natatagalang nabalitaan niya na namatay si Paz, gayong dinala sa ospital. At alam niyang hindi maglilipat-saglit ay mapupuno ng buhay ang dakong iyon.

Hindi na kailangang ilarawan sa kaniya ang mangyayari. Magkakaroon ng isang mahabang mesa sa ilalim ng trapal. At mapupuno iyon ng nag-upong babae at lalaki, na hindi dumating upang dalawin ang bangkay ni Paz. Hindi rin upang makiramay sa naulila, kundi upang magpalipas ng mga sandali, kunwa’y naglalamay. May bingo. May domino. May baraha. Nguni’t ang paglalaro ay hindi upang itaboy ang antok, kundi upang magtayaan at makipagsapalaran. At may aagos ding pera, laluna at may makapagdadala ng huwego ng madyong.

“Libre ba ang kape at matsakaw, e…” Kinausap ni Nyora Tentay ang kaniyang sarili. At sa kaniyang tindahan din uutangin pati asukal at gatas. Alam niyang pati sigarilyo ay magiging mabili, gayundin ang mani at bubble gum.

“Nar’yan po si Dado sa ibaba…”

Biglang napalingon si Nyora Tentay nang marinig ang tinig ni Ingga. Nguni’t siya. “Sige, susunod na ‘ko.”

Nguni’t hindi agad nanaog si Nyora Tentay. Hinintay niyang mai-alma ang trapal sa mga tukod na kawayan, at ngayon ay mayroon ng palapala sa harapan ng barung-barong nina Paz. At sa tingin niya, ang malaking bombilya ay ihuhulog mula sa bahay ni Dado.

Nasa loob na si Dado nang makapanaog si Nyora Tentay. Nakaupo ito sa isang bangko sa isang sulok, at waring nakalungayngay ang ulo.

"O… ano, Dado?"

Namumula at namumugto na ang mga mata ni Dado nang tumingin sa kaniya. Kumibot ang mga labi nito, nguni't wala siyang narinig na tinig.

"Talagang ganyan, Dado…" Kapansin-pansin na dagling naging banayad ang tinig ni Nyora Tentay. "Nangyayari naman 'yan sa lahat… una-una lang!"

Biglang sumubsob si Dado sa mga palad at humagulgol na tila bata. "Bigla po naman ito, Nyora Tentay… ang anak ko… ang asawa ko…"

"Kung bakit pinabayaan mo sa hilot, e…"

"Wala nga po akong pera… at kung alam kong susunod din si Pacing… di sana, hindi na muna inilibing ang bata… sama na silang mag-ina…"

"Kow… nangyari na, Dado!"

Minsan pang napahikbi si Dado, tulad sa isang musmos na napalo. "Hindi ko po naman akalain…"

"Kala mo kasi, lahat ng nanganganak, paris ni Sioning Butete, na parang nasipon lang… isang singa, ayun… nakalabas na ang anak! Pero sa kabilang banda, tahimik si Paz… wala nang hirap. Pati ang anak mo… at ikaw naman, makakauwi ka na sa inyo. Pero, hoy… Dado, marami kang obligasyon sa 'kin, ha?"

"Kahit ako na po ang masangla sa inyo, Nyora Tentay… pero kaya nga po ako narito ngayon, kailangan ko po ang pantubos kay Pacing…"

"Bakit, nakasangla na ba pati si Paz?"

"Ibig ko pong sabihin, hindi makukuha sa ospital si Pacing kundi punerarya ang kukuha. Hanapbuhay raw po ng iba…"

"E, bakit hindi mo na lang baya'ng ipalibing ng gobyerno! O iwan mo na ron para mapag-aralan…"

Napabulalas ng panangis si Dado.

"Teka… teka… Wari mong mapaglamayan dito si Paz?" Lihim ang pagngiti ni Nyora Tentay. Sinasalat ng mga daliri ang kaniyang kanang kamay ang makapal na balumbon ng perang papel sa bulsa ng suot na blouse dress.

"Ngayon ko na lang po naman siya makikita, e… at huling pagsisilbi ko na, Nyora Tentay!"

"E, mukhang magsusugalan naman d'yan sa inyo, e… kumuha ka ng tong!" malakas na sabi ni Nyora Tentay. "Nang may maaprobetso ka naman. Aba, e… ako'ng unang mapepeste n'yan sa ingay, a! Saka pihong marami na namang mag-aambisyon d'yan na kakanta. Gitara pa… pero hindi bale, alang-alang kay Paz!"

"Balato n'yo na iyon sa akin Nyora Tentay…"

"Siya… Siya! Bibigyan kita ng pera, Dado… pero maglinaw tayo, ha? Babawasan ko na agad ang tubo…"

"Huwag naman po!" mabilis na tutol ni Dado. "Iiwan ko naman ang barung-barong namin sa inyo, e… saka hindi ako lalayo. Kayo na nga ang nagsabing umuwi na lang ako sa mga Inay ko…" at muling umiyak si Dado.

"Naku puwede ba… bago ka magngunguyngoy, mag-usap muna tayo?" mariin nang sabi ni Nyora Tentay.

"O-opo…"

"Gawin mong uno-singkuwenta ang hulog mo araw-araw, imbes na singkuwenta lang, ha?"

"H-ho?"

"Aba, nagulat ka? E, pati ulo mo, nakabaon na sa utang sa 'kin, e…"

Tinakpan ni Dado ng kamay ang magkabilang tainga at patuloy na humikbi.

"Aba, e… sige, isipin mong mabuti! Mahirap nang sumubo ako nang sumubo sa 'yo at pagkatapos, e, maiwan ako ritong nakatunganga!" At ang perang hawak ni Nyora Tentay ay muling binitawan sa bulsa ng kaniyang blouse dress.

Napakislot pa si Nyora Tentay nang marinig ang panibagong silakbo ng hagulgol ni Dado. "Sandaling-sandali kaming nakatikim ng ligaya… tapos, heto…"

"Kow," at napaungol si Nyora Tentay. "Ang isipin mo'y ang sinasabi ko! at ngingiti-ngiti si Nyora Tentay na pumasok sa tindahan. Nanunuot sa kaniyang pandinig ang impit na hikbi ni Dado. Hindi mailalarawan ng mga kataga ang pamimighati…

## KABANATA 8 Pagkapit sa Patalim

Patuloy ang pagpapaypay ni Nyora Tentay ng kaniyang hawak na anahaw. Nguni't nanunuot sa kaniyang pandinig ang patuloy na paghikbi ni Dado, na tila batang inagawan ng gustung-gustong pagkain. Kasunod niyon ang pagsinghot, at ilang sandali pa ay naramdaman niyang lumabas si Dado. Nagkunwari si Nyora Tentay na hindi ito napapansing sinundan siya sa kaniyang kinaroroonan.

"Nyora Tentay…" tila may bikig si Dado.

“Aba, o, ano?” nagkunwang nagtataka si Nyora Tentay. Hindi niya ito pinabayaang makalabas sa tindahan. Sinalubong niya agad ito, at pumasok silang muli sa kaniyang maliit na tanggapan ng panauhin.

“Sige na po…” Nakatungo si Dado.

“Anong sige?” sinalat ni Nyora Tentay ang balumbon ng salaping papel sa kaniyang bulsa.

“Yon pong sinasabi n’yo… payag na ‘ko!”

“Sa’n nga? Sa’n ka payag?” Lihim na ngumiti si Nyora Tentay.

“Kung anuman ang gusto n’yo… kahit uno-singkuwenta na ang tulak ko araw-araw. Pero huwag n’yo lang aawasin agad ang interes. Talaga pong kailangan ko lang. Dosyentos-singkuwenta po ang serbisyo, e…”

Umungol si Nyora Tentay. “Kow… kundi ba naman sira ‘yang ulo mo, e… maaari namang ilibing na ng gobyerno si Paz… o kaya ipagbili mo sa eskuwela ng medisina! E, di kumita ka pa!…”

“Magiging kahabag-habag naman si Pacing, Nyora Tentay! Kung pumayag ako… naihabol pa siya sa ikasampung patay na ihuhulog sa isang malaking hukay…” Basag na basag ang tinig ni Dado. “Para po namang nagtapon na lang ako ng basura…”

“Siya… siya…” at sinalat niyang muli ang salapi sa kanyang bulsa. “Baka naman mabalitaan ko na lang na wala ka na rito?”

“Iiwan ko nga po sa inyo ang barung-barong namin ni Pacing. Sako ro’n lang ako sa Inay ko… dito rin naman ‘yon…”

“E, siya sige at nang maiuwi mo na si Paz! Marami nang nag-aabang d’yan na gustong makapagkape!” at naupo si Nyora Tentay. Pinaupo rin siya ni Dado. “Oy, ikaw ang maghawak ng papasok na abuloy, ha? Baka naman pauuna ka pa sa biyenan mong O.A…. walang mangyayari sa iyo! Baka ni ‘yong arkila sa trapal ko, hindi mo maibigay. Pihong ibibigay lang naman ‘yon ng biyenan mo sa lalaki niya! Sige… ikaw rin…”

“Mahiya naman sila…” mahinang sagot ni Dado. Bahagya nang maulinigan ni Nyora Tentay.

“Hiya? Wala nga n’yon ang mga biyenan mo, e… kung di ko pa alam!” at tumigas ang leeg ni Nyora Tentay. “Basta abatan mo…’yan ang sinasabi ko sa ‘yo! Maniwala ka sa ‘kin, pagdating n’yan sa inyo, hihimatayin pa kunwari ‘yan… puwe!” gumaralgal na naman ang lalamunan ni Nyora Tentay.

Binilang niya pagkatapos ang salaping kinuha ni Dado, at nang magpaalam ito ay hinabol pa niya ito ng tingin. Iiling-iling si Nyora Tentay, nguni’t lihim din siyang napapangiti, sa isang hindi mapag-alinlangang tagumpay ng kaniyang mga pagkukunwari…

Antok na antok si Dado. Naririnig niya ang pagkakaingay ng ilang kapitbahay na naghahanda ng tanghalian. Kagabi ay wala siyang itinulog, tulad din ng ilang gabi pang nagdaan, nang naghihirap si Paz bago isilang ang kanilang anak. Ngayon ay tila magagapi siya ng antok. Higit nang payapa ang kaniyang damdamin. Unti-unti na siyang nagiging makatotohanan. Natanggap na niya sa kaniyang sarili na si Paz ay patay na, hindi na muling mabubuhay pa. Sinisi niya ang kanyang sarili kung bakit niya iniwan si Paz sa ospital, kaya hindi niya nakita ang pagyao nito. Nguni't nakatighaw na rin sa kanyang damdamin na wala siyang alaalang mga huling paghihirap niyon. Napawi na pati ang kanyang agam-agam, tulad nang pinagmamasdan niya ito bago dalhin sa ospital, na tila iniihaw sa pagkakahiga, nguni't malamig na malamig naman ang palad.

"Dado… Dado…" Tila niya naririnig ang tinig ni Paz at bigla siyang napakislot. Napaangat ang likod niya sa pagkakasandal sa kahoy na tumba-tumba sa ulunan ng kabaong ni Paz. Biglang nawalang muli ang kaniyang antok.

Napalunok si Dado. Ilang ulit. Tumindig siya at tumayo sa tabi ng kabaong. Walang kurap na pinagmasdan niya ang tila kandilang mukha nito, nguni'y nababakas pa rin niya ang kagandahan nitong nakatawag sa kaniyang pansin. Wala siyang maaaninaw na sumbat, bagama't waring agunyas sa kaniyang pandinig ang tinig nito. "Ayoko ko pang mamatay, Dado… ayoko pang mamatay…"

Tinangka ni Paz na hawakan ang kaniyang palad. Nguni't wala na itong lakas. Hindi niya mawari kung ano ang kaniyang naramdaman nang magkasalubong ang tingin nila nito, at noon din ay ipinasiya niyang dalhin sa pagamutan ito.

Dahan-dahan siyang napalingon nang marinig niyang may tumawag sa kaniyang pangalan. At nang makita niya kung sino ang nasa pintuan ay halos hindi siya makapaniwala. Ni hindi ito makaunat sa kababaan ng kabahayan. Kumibot ang kaniyang labi. "Misis… Gracia…"

Nilapitan siya ng bagong dating. Ibig na namang mapabulalas ang damdamin ni Dado. Naramdaman niyang nangatal ang kanyang mga laman. "W-Wla… wala na siya, Misis… wala na si Pacing…"

"Nabalitaan ko nga kay Tiyago dahil dinala ko ngayon ang kotse ko ro'n sa talyer ng amo niya. Mabuti nga 'ka mo at hindi kagabi sinabi sa 'kin dahil…"

"Wala nga pong maupuan man lang…"

"Hindi 'yon, Dado… ayokong sumabay sa karamihan. Isa pa, iniiwasan ko rin namang magkita kami ng mayaman mong kapitbahay…" Mariin ang bigkas sa mga huling kataga. Puno ng kapaitan. Makahulugan. "Nang kusa akong lumayo … nang magkahiwalay kami ni Victor… ipinangako ko na sa 'king sarili na tapos na ang lahat. Wala na ang daang pabalik. Kung makikita ako ng nanay niya, baka isiping nagpapahabol ako…"

Napatango si Dado. "Hindi nga po nagbabago si Nyora Tentay… baka sobra pa ngayon! Kaya lang, wala namang magawa ang mga tagarito…"

“Baka sakaling madala niya sa hukay ang kaniyang salapi, e!” Kasunod ang isang mahinang hagikhik na alanganing ungol. Nguni’t may lakip na pangungutya. “Hawak namang pareho ang mga anak. Parehong walang gulugod. At gustong hawakan pati ilong ko. Aba, hindi na uubra ‘yon! Hawakan niya ang kaniya…”

“Misis Gracia,” at bahagyang tumalikod si Dado, “hindi niyo ba naalaala ang damit na ‘yan na suot ni Pacing?”

“Yan ba ‘yong bigay ko sa kaniya no’ng nakaraang Pasko, Dado?”

“Yan nga, Misis Gracia! Sabi niya no’n… nagbibiro… pamburol na raw niya! Ayan… nagkatotoo! Ang ganda nga naman kasi n’yan… talaga namang hindi siya magkakaroon n’yan kung sa ‘kin lang. Binago niya… bahagyang-bahagya lang naman, sa haba lang. Mataas kayo, Misis Gracia… pero halos pareho kayo ng katawan. Kaya lang ngayon… parang ang tagal niyang nagkasakit!”

“Huwag mong kalilimutan ang sarili mo, Dado. Baka ikaw naman ang magkasakit. O…” at hinawakan nito ang kanang palad niya at may inipit. “Hindi na ako magtatagal. Baka maamuyan d’yan sa kabila na narito ako… mahirap na!”

“Wala po naman d’yan si Mister Vic,” sabi ni Dado. “Hindi ko na po nakikita!”

“Naku… wala na akong pakialam sa kanila. Kahit sa impiyerno siya magpunta… total ay mas minahal niya ang nanay niya kaysa sa anak namin… e, siya nang bahala. Baka ‘kala nila… hindi kami mabubuhay na mag-ina kung wala sila…”

“Alam ng lahat ‘yan, Misis Gracia…”

“O, sige, Dado, ha? Basta huwag kang mag-aatubiling pumunta sa ‘min… kung anu’t anuman. Alam mo naman ang lugar namin, hindi ba? Nar’on din kaming mag-ina … sa mga Mama!

“Ihahatid ko na kayo, Misis Gracia. Sa’n ba kayo nakaparada?”

“Nasa repair shop nga ang sasakyan. Nagtaksi lang ako. Naghihintay ro’n sa labasan. Do’n na sa kabila ako nagdaan at lubog na dyan sa harapan…”

“Saka baka po alatin ang drayber kung d’yan sa harap… kung hindi kasangga nina Bindoy…”

“Ibig mong sabihin, hanggang ngayon ang negosyong ‘yan ng mahal kong biyenan?”

“Mas malakas nga po ngayon, Misis Gracia… kasi may *police protection* na…”

Naulinigan ni Dado ang malalim na paghinga ng kaniyang panauhin. “Hanggang kailan kaya ang kanilang ligaya?” Naramdaman ni Dado na muling hinawakan nito ang kanyang

kamay. “Hindi na lang ako sasama sa libing, ha? Talagang ayokong makita nila ako. Pero ipagpapamisa ko si Pacing!” at tuluyan nang nagpaalam ang kaniyang kausap.

Ang luhang kangina pa nakabakod sa mga mata ni Dado ay minsan pang gumawa ng landas sa kaniyang mga pisngi nang ibuka niya ang kaniyang palad at makita ang salaping kulay-kahel na iniwan sa kaniya. “Pacing” tila buhay ang kaniyang kausap, “talagang mahal ka ni Misis Gracia ,” at hinaplus-haplos niya ang kabaong ng asawa. “Ibang-iba siyang talaga.”

Parang naglaho sa kanyang balintataw ang lilimahing abuloy ni Nyora Tentay. Kasama pa niyon ang maraming pasaring. “Ayan, Dado… kahit lahat ng gastos mo, sa ‘kin nanggaling… may ambag pa rin ako! Alam kong hindi lalampas sa singkuwenta sentimos ang abuluyan dito!”

Lihim na sinisi ni Dado ang sarili. Hindi niya nagunita si  Gracia nang mga sandaling kailangang-kailangan niya ang tulong. Magkasundung-magkasundo si  Gracia at Paz noon pa mang dalaga ang asawa. Anuman ang kailangan ni  Gracia ay ipinatatawag si Paz. Tagatulong sa kusina kung may mga panauhin ito o kung gustong magkaroon ng kasama kapag wala si Victor. Malimit na si Paz ang kinakayag nitong kasama sa panonood ng sine kung hindi makakasama ang asawa. Alam niyang tutulungan siya nito, dangan at sa kaniyang kalituhan ay hindi niya nagunita si  Gracia. Malayo ang tinitirhan ni Gracia. Mula nang umalis ito sa bahay ni Nyora Tentay namalagi na sa Quezon City.

“Pero kung hindi sila pinakialaman ni Nyora Tentay,” malimit ay nasabi ni Paz, “ay hindi na magkakahiwalay si Misis Gracia at si Mister Victor. Talaga namang nagkakagustuhann ‘yong dalawa. Hindi naman basta-basta babae si Misis Gracia. Tapos sa karera, may kuwarta maganda…”

“May kagaguhan si Mister Vic, e…” ayon ni Dado… “Lahat ng sabihin ng ina, pikit-matang sinusunod. Buti nga at pumayag si Misis Gracia na tumira sa kanila!”

Napakislot si Dado sa pagkakatayo nang maramdaman niyang may palad na dumantay sa kaniyang balikat. “Ano ba,” sabi ng kaniyang ina, “wala ka na bang gagawin kundi umiyak at magmukmok, ha? Nar’yan na yan, e… hindi na magbabago pa…”

Kinagat ni Dado ang kaniyang labi. Mariin. Pilit niyang sinupil ang kaniyang luha. Lalo lamang siyang naaawa sa kaniyang sarili.

“Huwag kayong maglalabas ng marami, Misis… at hindi tayo sanay r’yan…” Nguni’t nakangiti si Attorney Agulto kay Caridad. “Baka mabaligtad ang aking ginagawa… Kung saan mauwi ang aking asunto”, dugtong pa.

Matapos mabigyan ni Caridad ng maiinom ang manananggol at si Salvador ay naupo na rin siya upang tingnan ang mga papeles na inilalabas si Attorney Agulto sa dalang portfolio.

“Kung tanga ang kalaban ng matandang nasa lupa n’yo, talo na, e!” at inilahad ni Attorney Agulto ang isang malapad na papel. “Kinuha ko na ang lahat ng true copy ng sinasabi nilang papeles na hawak nila. Heto, e… pinalabas na ipinagbili n’yo ang lupa kay Precioso…”

Nag-init ang mga tainga ni Caridad. Nakagimbal sa kaniya ang kaniyang narinig. Dinaanan niya ng tingin ang papeles na binabanggit. “Naku, ang walang-hiya!” hindi niya napigilang sambit. “Tatak ng kanang hinlalaki ko kunwari ang pinaka-pirma ko? Ako?”

“Kaunting lamig, Dear,” nagtatawang sabi ni Salvador. “Hindi pa iyan grabe… sige, basahin mo ang affidavit!”

Inisa-isa ni Caridad ang bawat kataga. “Diyos, ko… malubha raw ako kaya hindi na’ko makapirma! E, ni hindi ako nagkasakit nang malubha!”

“Pinatay ka na nga, e!” Lalong naging malutong ang halakhak ni Salvador. Alam niyang pilit na pinalulubag nito ang kaniyang galit na nauuwi sa poot.

“Marunong ang nakialam d’yan, Misis,” amin ng abogado. “Alam ang sunud-sunod na hakbang. Tapos nga, dahil kunwari’y ari-arian na ni Precioso, ipinagbili naman kay Nyora Tentay. Kung hindi nga naman gan’on, pa’nong mapalalabas na nabili ‘yan ng matanda?”

Nangangatal ang buong katawan ni Caridad. Nakamata siya sa titulo diumano ng pagkakabili ni Nyora Tentay. Tatak ng kanang hinlalaki ang lagda. “Ito pa, tama!” nanggigil na sabi ni Caridad. “Talaga naman isang tingin mo lang sa pagmumukha, malalaman mo nang no read, no write. Isang karetang A, hindi mababasa. At ‘yan namang si Osyong, nasa kabilang buhay na…” nagtiim ang mga bagang ni Caridad. “Wala naman kaming ipinakisamang masama sa kaniya… kahit kay Tisya… sa buong pamilya nila!”

“Ang pinakamahirap sa lakad natin, Misis… no read, no write nga. Paro suwerte ang atik! Marami tayong lalabanan… pero basta parehas lang, ngayon pa lang, sinasabi ko nang panalo na tayo!”

“Oo nga, Dear,” alo ni Salvador, “ako rin ay umaasang mababawi natin ang lupa!”

Tumunog ang telepono. Mabilis na tumindig si Caridad. Nasa kusina si Inyang at alam niyang hindi niyon pansin ang timbre. Marahan niyang inangat ang telepono. “Hello?”

“Magandang gabi po… maaari po bang makausap si Misis Angeles?”

“Sino ‘to?” Napakunot ang noo ni Caridad. Hindi niya nakilala ang tinig. At bantulot din siyang nagpakilala.

“Si Ingga po ito…

“Ingga… Ingga?” kinakapa ni Caridad sa gunita ang nasabing pangalan.

“Pakisabi po… ito ang maid ni Nyora Tentay… ‘yong dinatnan nila sa tindahan!”

Nagustuhan mo ba ang dalawang kabanata ng nobelang iyong binasa? Makatotohanan ba ang mga pangyayaring nakapaloob dito?

Kung binasa at inunawa mong mabuti ang akda, tiyak na masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Huwag kang mag-alala, madali lang ang mga ito. Makatutulong kung uunawain mong mabuti ang mga panuto sa bawat gawain.

Ang unang gawain ay tungkol sa mga pahayag na nagtataglay ng pahiwatig.

3. **Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika:**

Panuto: Ayusin ang ginulong letra sa loob ng kahon upang mabigyang kahulugan ang mga salita at pariralang nasasalungguhitan sa loob ng pahayag ng nagtataglay ng mga pahiwatig.

1. "Tiyak na <u>mapupuno ng buhay</u> ang dakong pagbuburulan." Ang lugar na pagbuburulan ay tiyak na magiging"

| a m t o a |
|---|

2. "Gusto niyang <u>hawakan pati ilong</u> ko." ang gustong gawin sa kanya ay maging:

| u s n u d – s u a r n n u |
|---|

3. "Baka <u>maamuyan</u> diyan sa kabila na narito ako." Nangangamba siya na baka:

| m a a l a m n |
|---|

4. "Nasa <u>kabilang buhay</u> na ang aking asawa." Ang nangyari sa asawa ay


| a n a m a y t |
|---|

5. "Baka po <u>alatin</u> ang drayber kung d'yan sa harap ng bahay n'yo ipaparada ang kotse." Ang maaaring mangyari sa brayber ay?

| m a s i n l a |
|---|

**b. Pagsusuring Pangnilalaman:**

Panuto: Ilagay sa loob ng *inverted pyramid* ang letra ng mga makatotohanang pangyayari sa akda na nagpapakita ng suliraning panlipunan.




Pagpipilian:

A. Pagkakaroon ng mga kalamidad
B. Paninirahan sa *squatter's area*
C. Kawalan ng perang pambayad sa ospital
D. Pag-aaway sa pagitan ng Kristiyano at Muslim
E. Pagkapit sa patalim ng mamamayang mahihirap
F. Panggigipit ng mayayaman sa mahihirap
G. Pangungutang ng mahihirap kahit malaki ang patubo
H. Pagiging matulungin ng ilang mamamayang nakaangat sa buhay

Alam mo ba kung ano ang tinatawag na Nobela? Ito ay isang akdang pampanitikan na nagtataglay ng maraming ligaw na tagpo. Marami itong tauhan at nangangailangan ng mahabang kawing ng panahon. May layunin itong manlibang bagama't di-tuwirang tinutukoy ay maaaring magbigay ng aral o mga halimbawang dapat pamarisan ng lahat.


Binibigyang-diin sa akdang iyong binasa ang Teoryang Realismo. Naglalarawan ito sa paraang siyentipiko. Dito'y hindi pinipili ang mga bagay na nadarama o napag-uukulan ng pagmamasid. Inilalarawan nito ang katotohanang nangyayari sa tunay na buhay nang walang idealismo.

Ang paliwanag na iyong nabasa ay may kaugnayan sa susunod na gawaing inihanda ko para sa iyo. Isaalang-alang mo ang iyong mga natutuhan.

Maaari ka nang magsimula.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

**c.1** Panuto: Piliin ang letra ng mga salitang matatagpuan sa kasunod na pahina na tumutugon sa hinihingi sa dayagram na naglalahad ng katotohanan na katangian ng sumusunod na tauhan at tagpuan.





| | |
|---|---|
| A. tuso | G. iskwater |
| B. marumi | H. problemado |
| C. bahain | I. mapagmahal |
| D. mahirap | J. mapagkunwari |
| E. mayaman | K. mapagsamantala |
| F. maputik | L. kapit sa patalim |

**c.2** Panuto: Bumuo ng tatlong pangungusap gamit ang mga salita sa nabuong dayagram na nagbibigay-patunay sa katotohanan ng katangian ng mga tao at lipunan sa kasalukuyan.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Suriin at piliin ang letra ng mga larawan na sumisimbolo sa pagbibigay ng tulong sa mga taong nangangailangan.

A 
B 
C 
D 

E 
F 
G 
H 

Nasiyahan ka ba sa pagsagot sa mga gawain? Maaari mo nang kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman mo ang iskor na iyong nakuha sa bawat gawain at pagkatapos ay sagutin mong muli ang kasunod na gawain.

4. **Paunlarin mo…**

Panuto: Isulat sa loob ng dayagram matapos suriin ang bilang ng mga pangungusap na sa palagay mo'y nagpapakita ng positibo, negatibo at kawili-wiling pangyayari sa akda.

| Positibo | Negatibo | Kawili-wili |
|---|---|---|
| | | |

Pagpipilian:


1. Pagpapautang ni Nyora Tentay sa mahihirap kapalit ang malaking patubo.
2. Pagdalaw at pagbibigay ng abuloy kay Dado ng amo ng asawang namatay.
3. Pagkakaroon ng patung-patong na utang ni Dado.
4. Pagpapakita ni Leni ng malasakit sa kalagayan sa buhay ng pasyenteng namatay.
5. Nagkaroon ng maraming tao sa lamayan upang makainom at makakain ng libre kape't matsakaw.
6. Pakikipagsapalaran sa hirap ng buhay ng mga taong naninirahan sa iskwater.
7. Pagdami ng mga tao sa lugar ng may patay upang di maglamay kundi makipagkuwentuhan at magpalipas-oras lamang.
8. Pakikialam ni Nyora Tentay sa pagsasama ng anak na lalaki at asawa nito.
9. Pagkakaroon ng iba't ibang palaro tulad ng bingo, domino at kantahan ng mga naglalalamay.
10. Kaawa-awang uri ng pamumuhay ng mga tao sa iskwater.

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Maaari mo nang simulan ang susunod na gawain.

5. **Gamitin mo…**

Panuto: Piliin at isulat sa loob ng dayagram ang bilang ng mga pangungusap na kinapapalooban ng mga desisyong maaari mong gawin kung ikaw ang nasa katayuan ng sumusunod na tauhan sa akda.




Pagpipilian:

1. Tutulungan ang taong nagigipit nang walang anumang kapalit.
2. Magpapautang sa nangangailangan ngunit may maliit ng patubo.
3. Magsisikap sa buhay sa kabila ng kahirapan.
4. Mangungutang pa rin kahit patung-patong na ang utang.
5. Paghahandaan ang kinabukasan bago sumuong sa responsibilidad ng pag-aasawa.
6. Sasamantalahin ang kahirapan ng mga taong nasa iskwater.
7. Gagamitin sa kabutihan ang kayamanan.
8. Iiwasang maging palaasa sa tulong ng iba.
9. Ipagbibili sa ospital ang bangkay ng asawa kung walang pantubos kaysa mangutang nang may patubo.
10. Ibabahagi sa kapwa ang mga biyayang ipinagkaloob ng Panginoon.

Nabuo mo ba ang dayagram? Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at itsek mo kung tamang lahat ang iyong mga kasagutan.

Ang susunod na gawain ay susukat sa kasanayan mo sa pagsulat. Samakatwid, susulat ka batay sa ibibigay kong pamantayan o panuto.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Bumuo ng isang sitwasyong nagpapakita ng realidad sa buhay sa pamamagitan ng pagsasaayos sa bilang ng mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang talatang mabubuo sa iyong sagutang-papel.

1. Nawa'y magkaroon ng puwang sa puso ng mayayaman, higit lalo ang nasa pamahalaan na mapagsikapang mabigyan ng maayos na buhay at trabaho ang kapus-palad nating mamamayan upang magkaroon ng maayos na pamumuhay ang lahat ng mamamayang Pilipino.

2. Maraming mamamayan sa kasalukuyang panahon ang naghihirap sa buhay.

3. Ang epekto nito'y karumihan ng kapaligiran at pagkakaroon ng mabahong amoy, pagtaas ng mga krimen at pagkakaroon ng di magandang saloobin ng mga dayuhan sa ating bayan.

4. Sa kabila nito, marami ring mga mamamayang Pilipino ang nakaangat sa buhay na mapagsamantala ngunit ang iba nama'y may ginintuang puso.

5. Karamihan sa kanila ay nagtatayo ng bahay sa bakanteng lote, ilalim ng riles ng tren at tulay at gilid ng mga ilog.

Maayos mo bang napagsunud-sunod ang mga pangungusap na nagpapakita ng realidad sa buhay? Nabuo mo ba ito sa isang maayos na talata? Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro upang maitsek ang iyong isinulat.

Ang susunod na gawain ay susubok naman sa lahat ng natutuhan mo sa aralin.

Maaari ka nang magsimula.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Ikahon ang bilang ng mga pangungusap sa tumutugon sa kaisipan o konseptong natutuhan sa aralin.

1. Ang pagdadamayan ng mga tao'y lubhang mahalaga, daan ito upang guminhawa.
2. Kapag nagigipit, sa patalim ay kumakapit.
3. Tumulong sa kapwa nang taos sa puso maging ito ma'y sa gawa o kuro.
4. Kung ika'y mahirap at nasasadlak, dapat na lalong doblehin ang pagsisikap.
5. Magdasal at maghintay sa tulong na ibibigay ng Maykapal.

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang maitsek ang iyong mga kasagutan.

Ang susunod na gawain ay inihanda ko upang lubusan mong masukat kung hanggang saan ang iyong natutuhan.

Maaari mo nang simulan.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap at pagkatapos ay piliin ang letra ng pinakaangkop na sagot.

1. "<u>Wala nang daan pabalik</u> para magkabalikan kaming mag-asawa." Nais ipakahulugan ng pariralang may salungguhit na ang mag-asawa'y:
   a. naligaw ng landas
   b. di na magkakabalikan
   c. nakalimot na sa isa't isa
   d. tinabangan na sa isa't isa

2. Ang kabanata 8 ay pinamagatang "Kapit sa Patalim". Ano ang nais ipakahulugan nito?
   a. Pagsuong sa panganib

b. Panggigipit sa kapwa
c. Pagdadala ng nakamamatay na armas
d. Pakikipagkasundo sa isang usapan kahit labag sa kalooban

3. May mga taong nabubuhay tulad ng mga hayop. Nangangahulugan lamang na ang uri ng pamumuhay ng mga taong ito ay:

| | |
|---|---|
| a. mahirap | c. walang tirahan |
| b. nakaaawa | d. salat sa lahat ng pangangailangan |

4. Ang sumusunod ay pangyayari sa akda na naglalahad ng katotohanan maliban sa:
   a. maraming naninirahan sa iskwater.
   b. may mayayaman ding naninirahan sa *slums*.
   c. may mga taong mapagsamantala sa kanilang kapwa.
   d. lahat ng mahihirap ay matatagpuan sa iskwater
5. Alin sa mga pangyayari sa akda ang lubhang makatotohanan?
   a. maputik sa lugar ng iskwater
   b. sa labas ng bahay ibinuburol ang patay
   c. mapanganib ang manirahan sa iskwater
   d. walang perang pampaospital ang mga taong mahihirap

6. Ang paglalarawan sa sumusunod na tauhan sa akda ay makatotohanan sapagkat nabubuhay pa rin sa kasalukuyan ang kanilang:

| | |
|---|---|
| a. pananaw | c. panloob na katangian |
| b. pangalan | d. panlabas na katangian |

7. Ang sumusunod ay makatotohanang nagaganap sa buhay maliban sa:
   a. pagkapit sa patalim
   b. may mga taong salat sa lahat ng bagay
   c. mapagsamantala ang lahat ng mayayaman
   d. ang ilan sa atin ay namumuhay na tulad ng isang hayop

8. Nagbibigay-diin ang teoryang realismo sa:

| | |
|---|---|
| a. emosyon | c. katotohanan |
| b. kasamaan | d. larawang-diwa |

9. Ang pagtulong sa kapwa ay maipakikita sa pamamagitan ng:

| | |
|---|---|
| a. pagdamay | c. pagpapautang |
| b. pagsisikap | d. pagbibigay ng limos |

10. Ang pagbibigay ng tulong sa kapwa ay dapat na:


| | |
|---|---|
| a. pakitang-tao | c. may limitasyon |
| b. taos sa puso | d. ilihim sa publiko |

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan. Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Kumusta ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong nakuha, nangangahulugan lamang na lubusan mong naunawaan ang aralin at maaari ka nang pumunta sa susunod na aralin ngunit kung 6 pababa, kailangan mo munang sagutan ang kasunod na gawain. Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay pa rin ito sa ating aralin.

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Suriin ang larawan at ikonek sa arrow ang letra ng mga salitang maaaring iugnay dito.



a. salat
b. matao
c. pulubi
d. mabaho
e. imoral
f. makalat
g. iskwater
h. kriminal
i. barung-barong
j. baon sa utang
k. kapit sa patalim
l. mahirap na buhay

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at itsek mo ang iyong mga sagot. Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na aralin.

# *ARALIN 2: Pusong Walang Pag-ibig*

### *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang iyong matatamo ang sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga salita at pahayag na ginagamit sa akda

2. Natutukoy ang bisa ng akda sa sarili

3. Nasusuri ang kabanata sa pamamagitan ng teoryang romantesismo

4. Napatutunayang lubhang mahalaga ang pagkakaroon ng pag-asa sa buhay sa kabila ng mga pagsubok

5. Nakasusulat ng isang paglalahad ukol sa bisang hatid ng akdang binasa

## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

1. **Alamin mo…**
   Panuto: Basahin at unawain ang mga linya ng awitin at pagkatapos ay buuin ang dalawang salitang nakapaloob sa *Venn Diagram* na nakatala sa kasunod na pahina na binibigyang-diin sa awitin.

MAY BUKAS PA

Huwag damdamin ang kasawian
May bukas pa sa iyong buhay
Sisikat din ang iyong araw
Ang landas mo ay mag-iilaw


Sa daigdig ang buhay ay ganyan
Mayroong ligaya at lumbay
Maghintay at may nakalaang bukas

May bukas pa sa iyong buhay
Tutulungan ka ng Diyos na may lalang
Ang iyong pagdaramdam

Idalangin mo sa Maykapal
Na'ng sa puso mo ay mawala nang lubusan

Sa daigdig ang buhay ay ganyan
Mayroong ligaya at lumbay
Maghintay at may nakalaang bukas

May bukas pa sa iyong buhay
Tutulungan ka ng Diyos na may lalang
Ang iyong pagdaramdam
Idalangin mo sa Maykapal
Na'ng sa puso mo ay mawala nang lubusan
Ang iyong pagdaramdam
Idalangin mo sa Maykapal
Na'ng sa puso mo ay mawala nang lubusan




Nagustuhan mo ba ang mga linya sa awitin? Nabuo mo naman ba ang dalawang salita sa loob ng *Venn Diagram* na binibigyang-diin sa awitin?

Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at itsek mo ang iyong sagot at pagkatapos ay ihanda mo na ang iyong sarili sa susunod na gawain.

2. **Basahin mo…**

Kung naibigan mo ang unang dalawang kabanata ng nobelang binasa mo sa unang aralin ay tinitiyak kong maiibigan mo rin ang pagbabasa sa pangalawang akdang iyong babasahin. Ito'y may kaugnayan din sa unang akdang iyong binasa. Isa itong kabanata ng isang nobela.

Ihanda mo na ang iyong sarili sa pagbasa.

**Pusong Walang Pag-ibig**
**(Kabanata XXII)**
**Ni Roman Reyes**

22. Ang Kamaynilaan Noon

(1) Nakaraan pa ang ilang araw at nasakop ng mga Yankee ang pulong Luzon ng Pilipinas; nagsi-urong sa lalong malayo ang mga kawal Pilipino, at ayaw pa ring sumuko sa kanila.

(2) Ngunit ang mga taong-baya'y napilitang magsipagbalik sa kani-kaniyang tahanang sarili; napilitang napasukob sa watawat ng mga Amerikano, sampung mga pinuno at kinatawan ng Republikang nagitaw na sumandali, at bago ang lahat, ang kanilang sinabi, ang mga anak muna at sariling buhay, kung wala nang pag-iiwasan.

(3) Ang ganyang mga muni-muni at pag-asang may iba pang panahon ang nakaakit sa kanilang pagbabalik at pagsalilong sa nasabing watawat.

(4) Subali't marami sa taong-bayan ang wala nang dinatnang pamamahay sapagka't naging abo na nga; marami ang ulila sapagka't namatay ang asawa o anak na bugtong sa kanilang pagtakbo, at mayroon din namang hindi na nagkitang magsing-irog, na nagkahiwalay sa pasimula pa lamang ng kanilang paglakad.

(5) Datapwa't higit sa kanila si Loleng, lalong mapait na paghihinagpis ang linasap nito; ito ang lalong kaawa-awa kung may bahay mang dinatnan, sapagka't wala pa rin si Enrique na dapat niyang makatulong sa paghanap ng kanilang anak.

(6) Naipagtanong na rin, kung sa bagay, sa mga kapitbahay niyang nangaroon na sa kanila kung hindi namataan si Nene, at gayon din si Enrique, sa mga bayan nilang inabot; nguni't walang naisagot na sukat niyang ikagalak; sapagka't sila ma'y hindi nagkaroon ng kahit balita.

(7) "Saan kaya napasunod ang batang iyon?"

(8) "Pagkawalang-loob na ama ni Enrique," ang nasabi na lamang ng balana.

(9) Pagkalungkut-lungkot ni Loleng nang pumanhik sa kaniyang bahay!

(10) Bakit ang hagdanan niyang itinaas nang bago siya umalis ay nakababa, nakabukas ang pinto, at nawala ang marami niyang kasangkapan, samakatuwid, magnanakaw ang nangahas na pumanhik.

(11) "Ay! Ang mga taong iyon, hindi na nahahabag sa akin!" ang kaniya na lamang nasabi, at pagdaka'y naupo sa isa nilang papag, pagkabukas niya ng isang dungawang hindi man natinag sa pagkalapat; nagbuntung-hininga uli, sinapol ang isa niyang palad ang kaniya ring baba, at ang naalaala ri'y ang nawawagli niyang anak.

(12) Ang mga taga-Pulong-gubat noon, gaya sa mga nayon nilang kalapit, ay pawang naguguluhan pa rin sa pag-aayos at pagliligpit ng nagkasabug-sabog nilang pagkabuhay, at nagsigayak ang iba upang maghanap sa ibang bayan.

(13) Nguni't ano ang iniisip ni Loleng sa kaniyang pagkapangalumbaba? Ang maging musmos na pagkukuro, at pabayang pumansin sa damdaming tao'y dapat ding makasukat sa

dinaramdam ng babaeng iyon, na ang iniisip niya'y kung saan siya magpapatuloy, at kung ano ang kaniyang magiging kabuhayan kung hindi na sila magkita ng nawawala niyang bunso.

(14) At lalo pa kung gugunitain ng nakatatanaw sa kaniya, na ang bahay niyang iyon nang siya'y binibini, at noong nabubuhay pa ang kaniyang ama, ay isa na sa pinakamarikit sa nayon ng Pulong-gubat, isa na sa nakaririwasa, at naging hantungan na matatamis na pagsuyo ng kabinataang masisigla sa pag-ibig, at saka ngayo'y naging bahay na ulila sa hindi malamang kung saan naroon ang kabiyak ng dibdib at bugtong na anak na si Nene; naging salat na salat sa palamuti at pagsinta, at walang naiwan kundi pawang bakas ng mababangis na lungkot; sinong pusong nalalabi sa nasabing bahay ang hindi malulunod halos sa kaniyang mga dinaramdam?

(15) "Mataas na langit!" ang kaniya pang naipatuloy nang makalipas ng ilang sandali. "Isang buwan nang mahigit na nawawalay sa akin ang anak ko, saan ko kaya makikita? Ay! Ang buhay ko, na napakaaba sa lahat ng babae! Sa lahat ng nagkaasawa sa balat ng lupa!"

(16) At pagkasandali pa'y pumasok na tila nahihintakutan sa kaniyang silid; pasubok na anaki'y may tao roong nagtatago sa kaniya, kumakaba ang dibdib, at lalo pang napahimutok nang makitang nakabukas din ang kaniyang baul, at wala na ang damit niyang mahuhusay.

(17) "Naku, at pati pala mga damit ko'y ninakaw ng mga walang-hiya!" ang pamuling nabigkas at sukat ang napadaop-kamay.

(18) Dapwa't hindi siya nagtagal sa ganitong anyo, muling nagbuntung-hininga, pinili ang natirang mabuti-buti, binalot ng madali, nanaog pagkapinid ng pinto, at lumakad na namang mistulang hibang, na animo'y narinig ang tinig ng kaniyang anak sa dakong malayo, at siya ang tinatawag.

(19) "Inang! Saan ka naroon, hindi ko tamaan ang umuwi, hindi mo na ba ako hinahanap?" ang waring umalingawngaw sa kaniyang tainga.

(20) "At saan ka paroroon?" anang mga pinagtagubilinan ng kaniyang bahay.

(21) "Hahanapin ko ang anak ko, kahit saan ako makarating," ang malungkot niyang sagot.

(22) Salamat sa dating magagandang loob ni Aling Buro at ni Tomas, at siya'y pinabaunan ng manalapi, nang siya'y magpaalam.

(23) At kung saan nga siya nagpatuloy? Bayaan muna siyang maghanap; sumagila tayo sa istasyon ng perokaril ng bayan ng B. at matyagin natin ang nangyayari sa kaniya.

(24) Ang perokaril, na nagyayao't parito sa Maynila't Dagupan, na napasakamay rin ng mga Amerikano, mulang pasimulan ang digmaang hindi pa natatapos, at kanilang ginamit sa paghatid-dumapit ng kanilang mga komboy, ay ipinag-aantay nila ng mga araw na iyon sa bayang nasabi, at naghahatid nang walang bayad sa balang ibig lumuwas, kung napasasakop sa kanilang watawat.

(25) At matyagin pa natin ang naging pag-uusap ng tenyente ng kawal-Amerikano, sa nasabing Estacion, kung sa wikang Tagalog, at isang lalaking kasamahan, nang maraming nagsiharap sa kaniya, babae't lalaki, matanda't bata, at ibig na ngang magsiluwas.

(26) "Mabuti ang naisipan ninyo," anang nasabing pinuno. "Mabuti at humiwalay na kayo sa mga kababayan ninyong naghihimagsik; ang pasukob sa aming watawat ay maliligtas sa pagkabusabos; ang pamahalaan nami'y hindi mapang-aliping gaya ng mga Kastila; kami'y naparito upang iligtas ang mga bayang walang kalayaan, naintindihan ba ninyo?"

(27) Isang ngiting magalang ang itinugon ng lalaking iyon, tandang napasasalamat sa gayon niyang narinig at mabuting pagkatanggap sa kanila.

(28) "Nguni't," ang patuloy ng tenyente, "kayo pala'y tagarito, alinsunod sa inyo rin, ano't luluwas pa kayo ng Maynila? Ayaw ba ninyong magtira dito sa bayan ninyong sarili?"

(29) "Ibig po namin; unang-una po ako," ang sagot ng kausap, "at dinaramdam ko po nang buong puso, ang ganito naming pag-alis; nguni't hindi pa kami makatigil sapagka't pinipilit kami ng aming mga kailangan.

(30) "Anong mga kailangan ninyo?

(31) "Ang pagsunog po ng mga pamamahay namin at pati pa ng kaunti naming mga pag-aari."

(32) "Dito ma'y makapaghahanapbuhay kayo, at wala kayong isukat ikatakot!"

(33) "Kung sa bagay po; nguni't inaakala kong hindi makasasapat sa karamihan ng mga anak naming maliliit ang aming kinikita sapagka't nalalaman din naming ang lahat, mayama't mahirap, dito'y nagdanas ng pagkasunog."

(34) "Husto rin, kung sa bagay, ang iyong sinasabi."

(35) "At dahil po roo'y mangingibang-bayan na muna kami, samantalang magulo ang lagay ng digmaan."

(36) "Kung gayo'y kayo ang masusunod…"

(37) At siyang pagdating noon ng treng nanggaling sa gawaing Dagupan, sila'y pinalulang madali, at nagpatuloy na nga sa kanilang pagluwas.

(38) Pagkababa ng pinaglulanan sa kanila!

(39) Hindi ang kotseng talagang sinasakyan ng mga tao, kundi ang wagol na panghakot ng buhangin at mga kasangkapang ginagamit sa pag-aayos ng mga daang perokril.

(40) At animo'y kung ano silang tinutugpa sa laot ng dagat; gayon ma'y inari na nilang mabuti, at makararating sila agad sa Maynila.

(41) Pagdaka'y pumanatag ng upong tingkayad sa isang piling ang lalaking iyon, at kung ano't ang napag-usapan nila ng tenyente ang napagmunimuni, habang tumatakbo ang kanilang kinalululanan.

(42) Na, kung ano ang hagibis ng wagol at ang hanging halos makalula sa kanila, ay siya namang pag-uunahan sa kaniyang isip ng marami niyang nagugunita.

(43)"Ang pagsukob daw sa kanilang watawat ay maliligtas sa pagkabusabos," ang una niyang naibulong sa sarili. "at kaya raw sila naparito'y nang iligtas lamang nila sa pagkaalipin ang mga bayang walang kalayaan; samakatuwid, mabuti nga naman; nguni't bakit nila kami nilusob, sa sila pala'y mabubuti? Kung wala silang lihim na iniimbot, aling sanhi ang nag-udyok sa kanila sa gayon, at hindi man nila pinakundanganan ang itinayo naming kasarinlan sa Malolos, sa kung sila rin ang magliligtas sa aming pagkaalipin?"

Kumusta ang iyong pagbabasa? Naramdaman mo ba ang emosyong naghahari sa pangunahing tauhan ng kabanata sa nobelang iyong binasa? Tiyak kong humanga ka sa kanyang katatagan ng kalooban at ipinakitang pag-asa sa buhay.

Kung inunawa mong mabuti ang akda, tiyak na masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Madali lamang ang mga ito at makatutulong sa iyong pagsagot ang pag-unawang mabuti sa mga panuto sa bawat gawain.

3. **Linangin mo…**
   a. **Pagsusuring Panlinggwistika**

      Panuto: Bigyang-pansin ang bilang ng mga talata sa Hanay B at hanapin ang sumusunod na salita na binibigyang-kahulugan ng nasa Hanay A. Isulat sa kahon ang sagot.

A.

1. nag-iisa
2. nawawala
3. magsialis
4. pinasakay
5. kalayaan

B.

| |
|---|
| talata 4 |
| talata 11 |
| talata 25 |
| talata 37 |
| talata 43 |

May mga pagkakataong naaapektuhan tayo ng ating mga nababasa o napapanood sa telebisyon. Kapag nangyari ito, nangangahulugan lamang na naging mabisa ang paraan ng paglalahad ng mga pangyayari.

Alam mo ba kung anu-ano ang mga naaapektuhan sa ating pagkatao kapag tayo'y nagbabasa ng isang akda?

- Bisang Pandamdamin:

  Tumutukoy ito sa naging epekto o pagbabagong naganap sa iyong damdamin matapos mabasa ang akda.

- Bisang Pangkaisipan:

  Tungkol naman ito sa pagbabago sa iyong isipan dahilan sa natutuhan sa mga pangyayaring naganap sa binasa.

- Bisang Pangkaasalan

  May kaugnayan naman ito sa pagkakaroon ng pagbabago sa iyong pananaw sa mga kaisipang nakapaloob sa akda matapos itong mabasa.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Isulat ang B1 kung ang pahayag ay nagsasaad ng buong pangkaisipan, B2 kung bisang pandamdamin at B3 kung bisang pangkaasalan.

1. Malaki ang kaguluhang idinulot ng pananakop ng mga Amerikano sa bansang Pilipinas.
2. Ang pag-aalala at pagmamalasakit sa mga mahal sa buhay ay dapat na pangibabawin.
3. Hindi dapat mawalan ng pag-asa sa buhay.
4. Kinakailangang tatagan ang loob kapag dumating ang di- inaasahang pangyayari sa buhay.
5. Paghingi ng tulong sa Maykapal lalo na sa oras ng paghihirap.

Ang akdang katatapos mo lamang basahin ay isang kabanata sa nobela na katulad ng akdang binasa at sinuri mo sa unang aralin ngunit ang binibigyang-diin dito ay Teoryang Romantesismo. Ang namamayani rito ay emosyon o likas na kalayaan. Pinaiiral dito ang sentimentalismo at ideyalismo. Higit na pinahahalagahan ang damdamin kaysa ideyang siyentipiko. Sa teoryang ito, inspirasyon ang pangunahing kasangkapan upang mabatid ng tao ang katotohanan. Kabutihan at kagandahan.

Makatutulong sa iyo ang binasang paliwanag sa susunod na gawain. Kung handa ka na, maaari mo nang simulan.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Basahin at unawain ang pahayag sa mga talatang nakapaloob sa dayagram. Piliin ang letra ng damdaming nangingibabaw sa talatang binasa na matatagpuan sa kasunod na pahina at isulat sa loob ng dayagram.


| Bilang ng Talata | Damdamin/ emosyong nangingibabaw |
|---|---|
| 1 | |
| 4 | |
| 6&7 | |
| 11 | |
| 17 | |
| 21 | |
| 22 | |
| 43 | |

Pagpipilian

| | |
|---|---|
| pag-asa | pagkatuwa |
| pagkaawa | pag-aalala |
| pagkasawi | pagkagalit |
| pagtataka | pagkalungkot |


**d. Halagang Pangkatauhan**

**d.1** Panuto: Piliin ang letra ng mga simbolo/ larawan na makatutulong sa pagkakaroon ng lakas at tibay ng loob sa panahon ng kabiguan at pagsubok sa buhay.

A 

B 


C 

D 

E 

F 

G 

H 


**d.2** Panuto: Kaugnay ng mga larawang napili, bumuo ng tatlong pangungusap kung paano makatutulong ang mga ito sa oras ng kabiguan at pagsubok sa buhay.

Nasiyahan ka ba sa mga gawain? Nakatulong ba ang mga ito sa iyong lubusang pag-unawa sa binasang akda? Kung gayon, kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro upang maitsek ang iyong gawain at malaman kung hanggang saan ang iyong natutuhan.

Ngayon ay muli mong sasagutin ang mga kasunod na gawain. Ihanda mo na ang iyong sarili.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Ilagay sa loob ng kahon ang mga pahayag na nagbibigay-kahulugan sa pamagat ng akda batay sa mga pangyayaring nakapaloob dito.




- Pagkawala ng mga minamahal sa buhay
- Pagtulong sa mga nangangailangan
- Pangangamkam ng mga ari-arian ng iba
- Pagkagapi ng mga mananakop sa bayang nilusob
- Pagkawala at pagkasira ng mga tirahan dulot ng mga pagsabog
- Paglisan ng mga mamamayan sa sariling bayan

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan, pagkatapos ay sagutin mo ang mga kasunod na gawain.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Ilagay sa loob ng kahon ang bilang ng mga pahayag mula sa pagpipilian sa kasunod na pahina na maaaring idugtong sa parirala upang maging ganap ang diwa nito.

Alamin mo…
Pinagtataka ko…
Natutuhan ko…

1. na may mga taong mapagsamantala sa mahihina
2. na bakit may mga bansang mananakop sa marahas na paraan at di iniisip ang kapakanan ng mga mamamayang ibig sakupin

3. na sa oras ng anumang pagsubok at kagipitan sa buhay, kinakailangang maging matatag at magkaroon ng tibay ng loob.
4. na maraming nasasawing buhay at nasisirang ari-arian ang nadadamay sa panahon ng pananakop
5. na kahit malakas at makapangyarihan na ang ibang bansa ay gumagawa pa rin sila ng paraan upang makapanakop
6. na walang mabuting maidudulot sa tao at lipunan ang marahas na pananakop ng mga dayuhan

Nasagot mo bang lahat? Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at itsek mo kung tamang lahat ang iyong mga kasagutan.

Ang susunod na gawain ay susukat sa kasanayan mo sa pagsulat. Susulat ka ng isang paglalahad sa bisang hatid sa iyo ng akdang binasa.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Bumuo ng isang talatang kinapapalooban ng limang pangungusap ukol sa bisang hatid sa iyo ng akdang binasa sa tulong ng mga pahayag sa loob ng kahon.

- Anumang oras ay dumarating ang pagsubok
- Humingi ng tulong sa Maykapal
- Kailangan ang tibay at lakas ng loob


Maayos mo bang nailahad ang naging bisa sa iyo ng akdang binasa?

Ang susunod na gawain ay susubok naman sa lahat ng natutuhan mo sa aralin.

Maari ka nang magsimula.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Ilagay sa loob ng dayagram ang letra ng mga kaisipan o konseptong angkop sa araling tinalakay.




A. Laging magdasal at hingin ang gabay ng Pangioon upang mapaglabanan ang mga pagsubok sa buhay.

B. Magpakatatag at harapin nang buong tapang anumang uri ng problema ang dumating sa buhay.

C. Ang mga pagsubok at hamon ng buhay ay dumarating nang di inaasahan.

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang maitsek ang iyong mga kasagutan.

Ang susunod na gawain ay inihanda ko upang lubusan mong masukat kung hanggang saan ang iyong natutuhan.
Maaari mo nang simulan.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap at pagkatapos ay piliin ang letra ng pinakaangkop na sagot.

1. Sinuman ay dapat makasukat sa dinaramdam ni Loleng. Lahat ay kasing kahulugan ng may salungguhit maliban sa:
   - a. makaisip
   - b. makaalam
   - c. makatanto
   - d. makaunawa

2. Ganun na lamang ang paghihirap ng balana sa sinapit ng mananakop na Amerikano. Sino ang tinutukoy na balana?
   - a. kabataan
   - b. karamihan
   - c. kababaihan
   - d. kalalakihan

3. Ang mga nasakop ay napilitang mapasukob sa watawat ng mga Amerikano. Ang ginawa ng mga nasakop ay:
   - a. nagapi
   - b. sumama
   - c. sumunod
   - d. magpaalipin

4. Tulad ni Loleng, dapat din nating pangibabawin ang katatagan ng kalooban sa oras ng mga pagsubok. Ang pahayag ay may hatid na bisang:

a. pangkaisipan c. pangkaasalan
b. pandamdamin d. pangkalahatan

5. Kaawa-awa ang sinapit ng mga mamamayan natin nang panahon ng pananakop ng mga dayuhang Amerikano. Anong bisa ang hatid nito sa iyo?
   a. pangkaisipan c. pangkaasalan
   b. pandamdamin d. pangkalahatan

6. Magkakaroon ng bisang pangkaisipan ang binasang akda kung may pagbabago sa iyong:
   a. kaalaman c. katangian
   b. kaasalan d. nararamdaman

7. Nangingibabaw sa akdang "Pusong Walang Pag-ibig" ang iba't ibang uri ng ________ ng mga tauhan:
   a. emosyon c. karanasan
   b. katangian d. kalagayan

8. Ang teoryang pampanitikang binibigyang-diin sa akdang binasa ay:
   a. realismo c. naturalismo
   b. imahismo d. romantesismo

9. Sakaling dumating ang di inaasahang pagkawala ng mga mahal sa buhay, ang dapat mong pangibabawin ay:
   a. katatagan c. poot at galit
   b. paghihinagpis d. pagsasawalang-kibo

10. Darating at darating ang pagsubok at dagok sa ating buhay, di man natin gustuhin kaya't dapat itong harapin nang may:
    a. kagalakan c. katalinuhan
    b. katatagan d. kahinahunan

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Maganda ba ang resulta ng iyong iskor? Kung 7 pataas, maaari ka nang magsimula sa kasunod na gawain ngunit kung 6 pababa, sagutin mo muna ang gawaing"Paunlarin mo…" Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito sa katatapos lang na aralin. Maaari mo nang simulan.

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Basahin at unawain ang mga linya sa awitin at piliin ang pitong binanggit na paraan na maaaring gawin sakaling dumating man ang mga kabiguan at pagsubok sa buhay.

MAGHINTAY KA LAMANG
Ni: Ted Ito

Kung hindi ngayon ang panahon, na para sa iyo
Huwag maiinip, dahil ganyan ang buhay sa mundo
Huwag mawawalan ng pag-asa, darating din ang ligaya
Ang isipin mo'y may bukas pa, na may roong saya

Kabigua'y hindi hadlang, upang tumakas ka
Huwag kang iiwas, pag-nabibigo
Dapat na lumaban ka....

Ang kaylangan mo'y, tibay ng loob
Kung mayrong pagsubok man
Ang liwanag ay di magtatagal,
At muling mamamasdan

Iko't ng mundo, ay hindi laging pighati't kasawian
Ang pangarap mo ay makakamtam,
Basta't maghintay ka lamang

Maganda ang mensahe ng awitin ‘di ba? Maaari mong gawing gabay sa buhay ang mensaheng nakapaloob sa awitin higit lalo’t may problema kang kinahaharap sa buhay.

Kunin mo ngayon ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Sagutin mo ngayon ang susunod na pagsubok. Ang mga katanungan dito ay may kaugnayan sa dalawang araling tinalakay natin.

Maaari ka nang magsimula.

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap at pagkatapos ay piliin ang letra ng pinakaangkop na kasagutan.

1. Nagtiim ang bagang ni Caridad sa narinig. Samakatuwid, si Caridad ay:
   a. nagalit  c. nagtimpi
   b. nanlumo  d. nanahimik

2. Lalong naging malutong ang halakhak ni Salvador. Ang kanyang halakhak ay nangangahulugang:
   a. malakas                c. nagmamalaki
   b. nang-iinis             d. nang-iinsulto

3. Naglalaro sa balintataw ni Loleng na siya'y tinatawag ng nawawalang anak na si Nene. Ang anak ay nakita niya sa kanyang:
   a. isipan                 c. panaginip
   b. guniguni               d. imahinasyon

4. Ang sumusunod na pangyayari ay naglalahad ng katotohanan maliban sa:
   a. pagdamay sa kapwa
   b. taong baon sa utang
   c. mapagsamantalang mayayaman
   d. namumuhay nang mahirap pa sa daga

5. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang higit na kapani-paniwala?
   a. Paglalarawan sa Canal de la Reina
   b. Pagtataglay ng isang pusong walang pag-ibig
   c. Pagtulong ng mga mananakop sa kanilang nagapi o bihag
   d. Pagpapakita ng malasakit ng isang doktora na alamin at puntahan ang lugar na tinitirhan ng kanyang pasyente

6. Nagkakaroon ng bisa sa mambabasa ang akdang binasa kapag nagkaroon ng pagbabago kaugnay sa kanyang:
   a. sarili                 c. katangian
   b. kaayuan                d. paniniwala

7. Ang teoryang pampanitikang nagbibigay-diin sa emosyon o damdamin ay:
   a. realismo               c. naturalismo
   b. imahismo               d. romantesismo

8. Kapag nagbibigay-diin naman sa katotohanan ng mga pangyayari, ito'y nabibilang sa teoryang:
   a. realismo               c. naturalismo
   b. imahismo               d. romantesismo

9. Dapat na tulungan ang mga nangangailangan nang bukal sa loob at walang pag-aalinlangan. Ang pahayag na ito ay isang:
   a. palagay                c. paniniwala
   b. opinyon                d. katotohanan

10. Ang pagkakaroon ng lakas ng loob at tibay ng damdamin ay dapat na ipamuhay ng:
   a. matatanda              c. lahat ng tao
   b. kabataan               d. mamamayang Pilipino

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang itsek ang iyong huling gawain.

Nawa'y nag-iwan ng bisa sa iyo ang pagtalakay natin sa dalawang araling natunghayan sa modyul na ito.

## SUSI SA PAGWAWASTO

Modyul 22

Ano Ba Ang Alam Mo?

1. b
2. d
3. b
4. c
5. a
6. b
7. a
8. b
9. b
10. a

Aralin 1: Canal de la Reina

Alamin mo…

B, D, F

Linangin mo…

a. Pagsusuring Panlinggwistika
    1. matao
    2. sunud-sunuran
    3. malaman
    4. namatay
    5. malasin

b. Pagsusuring Pangnilalaman

    B, C, E, F, G

c. Pagsusuring Pampanitikan

    c.1

    Canal de la Reina - B, C, F, G
    Nyora Tentay -A, E, J, K
    Dado - D, H, I, L

    c.2

    Pagbuo ng 3 pangungusap gamit ang mga salita sa nabuong dayagram na nagbibigay patunay sa katotohanan ng katangian ng mga tao at lipunan sa kasalukuyan.

d. Halagang Pangkatauhan

    B, D, E, F, G

Palalimin mo…

Positibo - 2, 4, 6
Negatibo -1, 3, 8, 10
Kawili-wili - 5, 7, 9

Gamitin mo…

Nyora Tentay -1, 7, 10
Dado - 3, 5, 8

Sulatin mo…

2, 5, 3, 4, 1

Lagumin mo…

[1] 2 [3] [4] 5

Subukin mo…

1. b
2. d
3. d
4. d
5. b
6. c
7. c
8. c
9. a
10. b

Paunlarin mo…

a, b, d, f, g, i, j

Aralin 2: Pusong Walang Pag-ibig

Alamin mo…

Pag-asa
Kasawian

Linangin mo…

a. Pagsusuring Panlinggwistika
    1. bugtong
    2. nawawagli
    3. magsiluwas
    4. pinalulan
    5. kasarinlan

b. Pagsusuring Pangnilalaman
    1. B1
    2. B2
    3. B3
    4. B1
    5. B3

c. Pagsusuring Pampanitikan
    Talata 1 - Pagkalungkot
    Talata 4 - Pagkasawi
    Talata 6&7 - Pag-aalala
    Talata 11 - Pagkaawa
    Talata 17 - Pagkagalit
    Talata 21 - Pag-asa
    Talata 22 - Pagkatuwa
    Talata 43 - Pagtataka

d. Halagang Pangkatauhan
    B, D, F, G, H

Palalimin mo…

- Pagkawala ng minamahal sa buhay
- Pangangamkam ng mga ari-arian ng iba
- Pagkawala at pagkasira ng mga tirahan dulot ng mga pagsabog
- Pagkagapi ng mga mananakop sa bayang nilusob

Gamitin mo…

Alam ko… 1, 4
Pinagtataka ko… 2, 5
Natutuhan ko… 3, 6

Sulatin mo…

Pagbuo ng isang talatang kinapapalooban ng 5 pangungusap ukol sa bisang hatid sa iyo ng akdang binasa sa tulong ng mga pahayag na nasa loob ng kahon.

Lagumin mo…

Pangunahing Kaisipan – C
Pantulong na Kaisipan – A, B

Subukin mo…

1. a
2. b
3. c
4. a
5. b
6. a
7. a
8. d
9. a
10. b

Paunlarin mo…

- Huwag maiinip dahil ganyan ang buhay sa mundo
- Huwag mawawalan ng pag-asa darating din ang ligaya
- Ang isipin mo'y may bukas pa na mayroong saya
- Kabigua'y di- hadlang upang tumakas ka
- Huwag kang susuko pag nabibigo, dapat na lumaban ka
- Ang kailangan mo'y  tibay ng loob kung mayroong pagsubok man
- Ang pangarap mo ay makakamtan, basta't maghintay ka lamang

Gaano Ka Na Kahusay?

1. a
2. d
3. b
4. d
5. d
6. d
7. d
8. a
9. d
10. c

| Mga Kasanayan | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Modyul Blg. | Pagsasalita | Pagbasa | Pampanitikan | Pagsulat | Pamagat | Genre |
| 22 | Nabibigyang-kahulugan ang mga pahayag na nagtataglay ng pahiwatig<br><br>Napatutunayang lubhang mahalaga ang pagbibigay ng tulong nang walang anumang kapalit sa mga taong nangangailangan | Naiisa-isa ang mga pangyayaring naglalahad ng katotohanan | Nasasauri ang akda batay sa teoryang realismo | Nakasusulat ng isang talatang kinapapalooban ng mga sitwasyon sa akda na nag-papakita ng realidad sa buhay | Canal de la Reina | Nobela |
| | Nabibigyang kahulugan ang mga salita at pahayag na ginagamit sa akda<br><br>Napatutunayang lubhang mahalaga ang pagkakaroon ng lakas at tibay ng loob sa panahon ng pagsubok | Natutukoy ang bisa ng akda sa sarili | Nasusuri ang kabanata sa pamamagitan ng teoryang romantesismo | Nakasusulat ng isang pag-lalahad ukol sa bisang hatid ng akdang binasa | Pusong Walang Pag-ibig | Nobela |